# Dead Audience

Umaapaw ang enerhiya ng bandang *The Undead* habang nagtatanghal sa isang maliit na venue. Halos yumanig ang paligid sa bigat ng tugtugan. Parang matutunaw rin ang langit sa tindi ng screamo ng bokalista.

Ngunit kung gaano kalakas ang kanilang tugtugan, ganoon naman katahimik ang mga tao. Diretso lang silang nakaupo. Walang reaksyon. Parang tinanggalan ng mga emosyon sa buong katawan.

Paano ba naman kasi, ang mga nanonood sa kanilang concert ay pawang mga bangkay lamang. Literal na mga patay. Mga nabubulok at naaagnas na bangkay.

Nagtatanghal lamang sila sa harap ng mga patay. Bumibili sila ng mga inabandong bangkay sa mga morgue at sementeryo para bihisan, paupuin sa venue at magsilbing audience nila.

Ito ang kakaibang gimik ng banda na nagbigay sa kanila ng kakaibang kasikatan. Sa bawat concert nila, puro mga bangkay lang ang kanilang audience. May mga camera din sila sa loob para i-record ang buong footage at maipalabas sa internet.

Sa ganoong paraan lang sila napapanood ng mga buhay nilang tagahanga. Nasa venue ang mga patay, nasa livestream ang mga buhay. Ito ang gimik na gustong panindigan ng kanilang frontman na si Nightskold.

"Sino'ng nagsabi na habang buhay na lang sa ilalim ng lupa ang mga patay? Wala na ba silang karapatang mag-enjoy? Kaya kami nandito para baguhin ang nakasanayan ng mundo! Inaalay lang namin ang aming musika para sa mga patay. Sa kanila kami kumakanta at nagtatanghal. Sila ang buhay namin. We are singing for the dead. We are performing for the dead. Because we are *The Undead*!"

Ayon pa sa bokalista, ang gimik nilang iyon ay bahagi ng kanilang shock value bilang isang shock rock band. Ang tema ng kanilang musika, pati ang paraan ng kanilang pagtatanghal ay nagtataglay ng mga elementong makikita sa

ibang shock rock artist gaya nina Screamin' Jay Hawkins, Alice Cooper, Rob Zombie at Marilyn Manson.

Kung si Alice Cooper ay nakilala sa kanyang makeup at imagery, at kung si Marilyn Manson ay nakilala sa pagpupunit at pagsusunog ng Holy Bible, ang *The Undead* naman ay nakilala sa pagtatanghal sa mga taong patay na.

Kanya-kanyang gimik para magbigay ng gulat at sindak sa mga manonood. At kahit walang buhay na tao para makapagbayad ng ticket sa kanilang concert, kumikita pa rin sila sa pamamagitan ng album sales, livestream, at paggawa ng meet and greet.

Ngayong taon, naglabas sila ng bagong album na pinamagatang *Music for the Dea*d. Hindi akalain ng marami na kikita pa ito at makakapasok sa Top 10 ng iba't ibang music charts. Iba rin talaga ang impluwensiya nila. Sa buhay man o sa patay, sadyang patok na patok sila.

Ito na marahil ang pinaka-successful nilang album pagdating sa number of streams sa mga online music platforms. Nakatulong din siguro ang kakaiba nilang gimik para makakuha ng atensyon sa internet.

Dahil dito, mas lumaki na ang kanilang budget para sa next concert. Nakakuha pa sila ng mas malawak na venue kaya mas marami na ring bangkay ang naimbitahan sa loob.

Kung dati, nasa mahigit limang daan lamang ang bangkay na nakakapanood, ngayon ay nasa sampung libo at higit na.

Nang magtapos ang isang segment ni Nightskold, kumuha siya ng isang volunteer sa mga audience at pinaakyat sa stage. Siyempre, hindi naman ito aakyat mag-isa. Kaya siya na ang nagbuhat dito na parang prinsesa at inihiga sa gitna ng entablado.

Bago pa lang ang bangkay ng babaeng ito. Tatlong araw pa lang daw mula nang mamatay ito kaya ganoon pa kasariwa ang katawan. Sa tingin niya'y isa itong African-American base sa kutis at hitsura ng babae.

Simula pa man, attracted na talaga siya sa mga black beauty. Kaya naman triple ang ibinayad niya sa pinagkuhanang supplier para lang mabili ang bangkay na ito.

Gaya ng nakagawiang gawin sa mga bangkay na natitipuhan, hinubaran din niya ang katawan nito at sinimulang patungan. Marahan niyang iginapang ang mga labi sa mukha nito, patungo sa leeg, hanggang sa marating ang malulusog na dibdib.

Inangkin niya na parang laruan ang babae. Patay na ito pero sa kanyang imahinasyon, naglalagablab pa rin ito sa init at tumutugon sa kanyang halik. Sinakop niya ang buong katawan ng babae hanggang sa nilukuban siya ng matinding sensasyon.

Sa kanyang imahinasyon, gumaganti rin ito sa paghipo sa kanyang katawan habang dinidilaan ang maskulado niyang dibdib. Pero sa totoong buhay, wala itong kamalay-malay sa ginagawa niyang panggagahasa sa patay na katawan nito. Umiral na naman ang isang sakit na matagal na niyang itinatago sa kanyang pagkatao.

Hindi niya pinatawad ang katawan ng babae hanggang sa sumabog ang naglalagablab na katas sa kanyang katauhan. Napaungol siya sa sobrang sarap, saka muling itinuloy ang pagkanta sa kanyang awitin na pinamagatang *Mannequin*, na naglalaman ng lyrics tungkol sa labis na pagkauhaw sa katawan ng isang bangkay.

*Oh my beautiful lady.*
*Can you be my mannequin?*
*Can I touch you illegally?*
*Can I violate your law?*
*Oh my beautiful lady.*
*Can you be my mannequin?*
*Can I kill you once again?*
*Can I f*ck you till the end?*

Pagkatapos niyon, lumingon siya sa camera at nagpakawala ng middle finger. Wala na siyang pakialam kung may ma-offend man sa mga nakapanood sa livestream ng

malagim nilang konsyerto. Matagal na niyang ginagawa ito at walang kahit sinong 'buhay' ang makapipigil sa kanya.

Nang magtapos ang final leg ng kanilang concert, naisipan nilang magpahinga muna para ituloy ang matagal na nilang pinaplanong bakasyon. Sinuyod nila ang iba't ibang tourist destinations ng Mindanao. Ginamit din ni Nightskold ang pagkakataong iyon para ma-explore ang iba't ibang kultura na mayroon ang bansa, upang mapagkuhanan ng inspirasyon sa susunod nilang album.

Isa sa mga napuntahan nila ay ang Mindoro, kung saan natuklasan nila ang kakaibang tradisyon ng mga Mangyan na kung tawagin ay Kutkot. Hinuhukay ng mga ito ang bangkay ng mga namayapang mahal sa buhay para linisin at bihisan ng panibagong damit.

Naniniwala ang mga Mangyan na muli raw mabubuhay ang mga ito sa tamang panahon. Kaya nila ginagawa iyon para maging malinis ang bangkay sa itinakdang araw ng kanilang pagbangon, hindi lang sa katawan pati na rin sa kanilang kalooban.

Sobrang naintriga dito si Nightskold. Kaya naman pagkauwi sa kanilang resthouse, agad niyang hinarap ang notebook at nagsimulang magsulat ng kanta tungkol sa Kutkot Tradition ng mga Mangyan.

Ito rin ang balak niyang gawing lead single

para sa susunod nilang album. Sinisigurado niya na mas kakaiba ang shock value na ibibigay ng album na ito, dahil ipapakita nila rito ang kakaibang kultura ng bawat lugar na pinupuntahan nila, kabilang na ang Kutkot ng mga Mangyan at ang Endo-Cannibalism na ginagawa naman ng isang tribo sa Capiz, kung saan kinakain naman nila ang bangkay ng mga namayapa nilang mahal sa buhay.

Lahat ng gagawin niyang kanta para sa album na ito ay tungkol sa iba't ibang kultura, tradisyon, at paniniwala sa mga patay. Isasagad na niya sa pinakamataas na lebel ang kanilang gimik.

Bago magtapos ang taon, naisipan ng banda na gumawa ng special concert bilang pagsalubong sa bagong taon.

Ginanap iyon sa isang lugar sa Pampanga. Tulad ng dati, naglibot sila sa iba't ibang mga morgue sa naturang probinsya para bumili ng mga inabandonang bangkay. Pinalinis nila ito, binihisan at minake-up-an para magmukhang tao na natutulog lang.

Saka nila ito dinala sa isang open venue na may 300 seating capacity. Isa-isang iniupo roon ang mga bangkay at idiniretso ang ulo sa harap ng entablado para kunwari ay nanonood talaga sa kanila.

Sa panimula ng concert, kinanta ng *The Undead* ang pinakapopular nilang awitin na

pinamagatang *Crematorium*.

*Labis mong sinaktan ang puso ko*
*Pinaniwala sa mga kasinungalingan mo*
*Galit na galit na ako (graaaaawrrr)*
*Ang sarap mong sunugin nang buhay!*
*Nang buhay!*
*Nang buhay!*

Habang masaya silang nagtatanghal, isang matandang babae naman sa di-kalayuan ang umuusal ng ritwal. Nasa loob ito ng isang madilim at tahimik na silid. Punong-puno ng galit ang tinig nito habang umuusal ng mga dasal na ito lang ang nakakaintindi.

Hindi matanggap ng matanda ang pagkamatay ng kaisa-isa nitong apo. Walang awa itong binugbog at ginahasa ng mga hindi kilalang lalaki sa kanilang lugar. Labis ang pagguho ng mundo nito. Ayaw nitong ipalibing ang dalagita; ikinulong lang nito sa kuwarto at araw-araw na dinasalan sa pagbabakasakaling babalik pa ito.

Lahat na yata ng ritwal sa itim na libro ay ginawa na nito. At sa gabing iyon, kung kailan bilog na bilog ang buwan, bigla itong may naramdaman sa silid. Parang may kung anong enerhiya na namuo sa kanilang kuwarto.

Habang tumatagal ay pabigat iyon nang pabigat. Pakiramdam nito'y sasabog ang

sariling katawan sa sobrang bigat. Hindi na naituloy ng matanda ang huling bahagi ng ritwal. Sa sobrang bigat ng pakiramdam, napilitan itong lumabas ng kuwarto at hindi sinasadyang maisara ang libro.

Biglang nabasag ang lahat ng mga bintana sa paligid. Tumilapon ang matanda dahil sa mga enerhiyang kumawala sa bawat sulok ng bahay. Para silang mga hayop na nakakawala sa kulungan at ngayo'y nagkakagulo sa paglabas.

Patuloy pa rin sa pagtatanghal ang *The Undead*. Nilalasap nila ang bawat segundo ng mabibigat na tugtugin na kanilang nililikha. Sa sobrang bigat niyon, nagawa nitong basagin ang mga bintana. Lalong nagwala ang bokalista. Akala nito, dahil talaga sa kanilang musika ang pagkabasag ng mga bintana.

Hindi nila alam, isa-isa nang nagsisidilat ang mga bangkay sa paligid. Lubhang makapangyarihan ang ritwal na naisagawa ng matanda. Nagawa nitong buhayin hindi lang ang bangkay ng apo nito, kundi pati na rin ang mga bangkay sa karatig na lugar!

Maraming bangkay sa loob ng venue ang nadamay nang hindi oras.

Sobrang tinamaan ng emosyon si Nightskold sa kantang inaawit kaya napapikit ito habang nakaluhod sa entablado. Ganoon din ang mga miyembro nito. Tuwing tinutugtog

nila ang malungkot na kantang iyon, lahat sila ay pumipikit para lasapin ang emosyon ng bawat liriko.

Hindi na nila namalayan ang mga bangkay na nagsitayuan sa paligid. Larawan ng matinding poot ang mga ito. Tila naipasa rin sa kanila ang nararamdamang galit ng naghihinagpis na matanda.

Galit na galit ito sa lahat ng mga lalaki sa mundo dahil sa sinapit ng pinakamamahal nitong apo. Kaya pati ang mga bangkay sa venue, galit na galit din ngayon kina Nightskold. Ang tingin ng mga ito sa kanila, isang rapist na dapat kuyugin at pagbayarin.

Napamulagat lang ang banda nang makarinig ng kakaibang ingay. Mga mumunting ungol na tila nagmula sa hukay. Nagulat sila at napaatras. Sindak na sindak ang buong grupo sa nasaksihan ng kanilang mga mata. Ang mga eksenang akala nila'y sa pelikula lang makikita, nagaganap na ngayon sa kanilang harapan!

Mga bangkay na nagsibangon! Mga bangkay na umuungol! Mga bangkay na nagwawala! At mga bangkay na hayok na hayok sa laman!

Sa puntong iyon, ang mga sigaw na nila ang bumalot sa buong paligid. Bago pa sila makalayo sa entablado, pinalibutan na sila ng mga agresibong bangkay. Wala silang laban sa bilis ng mga ito! Nangatog na lang ang kanilang

mga tuhod sa labis na takot.

Nag-unahan ang mga bangkay sa pag-akyat sa entablado. Walang pinalagpas na sandali ang mga ito. Ilang saglit lang ang lumipas, isa-isa nang nagtalsikan sa ere ang sariwang dugo! Kasunod niyon ang nakaririnding mga sigawan at pagmamakaawa!

Sa kauna-unahang pagkakataon, naranasan din ng banda ang pagkaguluhan. Hindi nga lang sa paraang gusto nila. Naging mabilis ang mga pangyayari. Hindi na halos makilala ang kanilang anyo sa tindi ng pagkakalapa sa kanila.

Si Nightskold, walang tigil sa pagsigaw habang pinagtutulungan ng mga bangkay sa magkabilang panig. Ang iba, nais angkinin ang pang-itaas niyang katawan. Ang iba'y nais namang pakyawin ang kanyang pang-ibaba.

Hindi nagtagal, parang manananggal na nahati ang kanyang katawan! Mabilis na kumalat sa sahig ang sariwa niyang dugo at laman! Lalong nagkagulo ang mga bangkay. Ang iba naman sa mga kabanda niya ay pinugutan ng ulo, binalian ng mga kamay, dinukutan ng utak, at hinati rin sa dalawa!

Huli na para malaman pa nila kung ano ang nangyayari. Ngunit isa lang ang alam nila. Iyon na ang huli nilang pagtatanghal dahil hindi magtatagal, magiging isa na rin sila sa mga audience ng sarili nilang konsyerto!

Ang mas masaklap pa, naka-LIVE din sa isang monitor ang concert na iyon kaya kitang-kita sa lahat ng kanilang social media ang bawat pangyayari!

Karumal-dumal na balita ang pumutok sa mga headline kinabukasan. *The Undead* band was attacked by zombies last night during their New Year's Eve performance!

# Pulang Ilaw

Parang papanawan ng ulirat si Aldrin habang pinagmamasdan ang asawa sa sahig. Naliligo ito sa sariling dugo habang may patalim na nakatarak sa ulo! Hindi siya makapaniwala sa nagawa.

Agad niyang isinilid sa sako ang babae at isiniksik sa ilalim ng lababo. Saka siya naghugas ng kamay at nagpalit ng malinis na damit. Kinandado na rin niya ang lahat ng pinto at bintana.

Mangiyak-ngiyak siyang lumabas sa likod ng kanilang bahay. Nanginginig pa sa labis na emosyon ang buo niyang katawan. Hindi niya akalaing hahantong sa ganito ang lahat. Matagal na kasi silang may alitan ng asawa

dahil sa pagkakadiskubre nito sa paggamit niya ng bawal na gamot.

Akala ng babae, nagbago na siya. Kanina lang nito nalaman na patuloy pa rin pala siya sa paggamit. Kaya naman mas tumindi pa ang kanilang away hanggang sa maganap nga ang hindi inaasahan. Dahil na rin sa impluwensya ng droga, napatay niya ang kanyang asawa.

Kahit gustuhin niyang magsisi at magbago, huli na dahil nabahiran na ng krimen ang kanyang kamay. Kaya naman naisipan na lang niyang lisanin ang kanilang lugar at magpakalayu-layo. Wala siyang ibang dala kundi ang kanyang bag na naglalaman ng mga damit at kaunting pera.

Nagpakaligaw siya kung saan-saan para tuluyang makalayo sa nagawang krimen. Wala na siyang pakialam kahit saan siya dalhin ng mga paa. Ang mahalaga lang sa kanya ay makalayo at hindi na makita pa.

Sa kanyang paglalakad, nakakita siya ng isang motel na bago sa kanyang paningin. *Red Light Avenue* ang pangalan nito. May naitabi pa naman siyang pera kaya naisipan niyang doon muna magpalipas ng gabi. Ayaw niyang matulog sa daan.

Habang kausap ang receptionist, may inilabas itong scanner at itinutok sa ulo niya. Pula ang lumabas na ilaw roon. Biglang nag-iba ang tingin ng babae. Pagkuwa'y tinanggap

din nito ang bayad niya.

May isa pa siyang nakasabay na gusto ring kumuha ng room doon. Nang tutukan din ito ng scanner sa ulo, berde naman ang kulay na lumabas doon.

"Pasensya na po, Sir. Hindi po kayo puwede. You're not qualified to check-in po."

Medyo nagtaka si Aldrin sa narinig. Ano kaya ang mayroon at bakit hindi ito qualified? Para saan ba ang scanner na iyon na naglalabas ng pula o berdeng ilaw depende sa qualifications ng bawat guest.

Nagpasya siyang huwag na lang iyong problemahin. Nang makuha ang kanyang susi ay hinanap na niya ang numero ng silid na nakalagay rito. Sa ikalawang palapag siya dinala ng numero. May nadaanan pa siyang mga babae na humihithit ng sigarilyo habang papasok sa kanilang kuwarto. Napatingin din ang mga ito sa kanya bago isinara ang kanilang pinto.

Sa bandang dulo naman, biglang nagbukas ang pinto ng isang silid. Iniluwa nito ang isang lalaki at isang beki na naglalambingan habang palabas ng kanilang kuwarto. Nalukot pa ang kanyang mukha nang maghalikan ang mga ito habang dumadaan sa harapan niya.

Sa iba pang mga silid na nadaanan niya, hindi niya sinasadyang masilip ang mga weirdong nagaganap doon. May isang lalaki

na sumisinghot ng droga. May babaeng nakahubad at sumasayaw sa harap ng camera. May matanda pa nga na tatlong binatilyo ang kalandian sa kama.

Napaisip tuloy si Aldrin. Anong klaseng motel kaya ito? Bakit parang iba ang kilos ng mga tao? Gagawa na nga lang ng kababuyan, hindi pa naisipang magsara ng bintana. Proud pa yatang ipakita ang kabulastugan nila.

Pero naisip din niya, wala rin naman siyang pinagkaiba sa mga ito. Mas matindi pa nga ang ginawa niya dahil nakapatay siya ng tao. Sariling asawa pa niya. Wala nang mas titindi pa sa ganoong uri ng krimen.

Dali-dali niyang binuksan ang kanyang silid at tumuloy sa loob. Doon lang siya nakahinga nang maluwag. Bumungad naman ang maliit na silid na may kaunting kagamitan na puwede niyang paglibangan.

Malinis din ang loob kahit papaano at mabango. Kahit matindi ang nagawa niyang krimen, medyo napagaan ng paligid ang kanyang kalooban. Kung puwede lang sanang dito na siya tumira.

Naghubad siya ng damit at sumandal sa kama. Huminga siya nang malalim at inisip kung saan siya susunod na pupunta kapag natapos na ang twelve hours na check-in niya.

Kahit saan pa siya magpunta, alam niyang hindi na magiging normal ang takbo ng buhay

niya. Habang buhay na siyang magtatago para takasan ang krimeng nagawa. Hindi niya maiwasang lukuban ng labis na panlulumo.

*Ano ba itong pinasok ko!* anang isip niya saka naisipang humiga sa malambot na unan. Ilang oras din siyang nag-iisip at nagpapalit-palit ng puwesto sa paghiga.

Sa huli, nanaig din ang kasamaan sa puso niya. Pinilit niyang itakwil ang nararamdamang kunsensya at awa sa babae. Inisip na lang niya na isa itong hakbang para maging malaya siya muli.

Oo, puwede na niyang gawin ang lahat ng gusto niya. Maaari siyang magbalik sa bisyo at wala nang pipigil pa sa kanya. Marami na siyang puwedeng gawin kapag siya na ang kinatatakutan ng mga tao.

Siguro nga dapat na niyang yakapin ang pagiging masama!

Napabalikwas ng bangon si Aldrin matapos magising sa isang bangungot. Hinahabol daw siya ng asawa niya. Naging higante raw ito at sinisira ang bawat madaanan sa paligid. Nakatarak pa sa ulo nito ang patalim na isinaksak niya.

At nang matumba siya dahil sa mga pagyanig, tuluyan itong nakalapit sa kanya. Napasigaw na lang siya nang magtangka itong

apakan siya!

Hindi na siya nakatulog pagkatapos niyon. Sumandal na lang uli siya at nakiramdam sa nakabibinging katahimikan ng paligid. Bigla siyang natigilan nang magbago ang liwanag ng ilaw sa kanyang silid. Naging pula iyon. Sobrang sakit sa mata.

Para siyang mabubulag sa labis na pagkapula ng ilaw. Napilitan siyang bumangon para lumabas ng silid. Sa kanyang paglabas, sinalubong din siya ng pulang ilaw sa buong pasilyo ng motel. At sa medyo nagdidilim niyang paningin, nakita niyang nagsilabasan din ang iba pang mga tao sa kani-kanilang silid.

Marahil ay nagtataka rin ang mga ito kung saan nagmumula ang pulang ilaw na sobrang sakit sa mata. Parang sinusunog nito ang paningin nila.

Sinubukan niyang magtanong pero walang makapagbigay ng sagot. Lahat sila, nagtataka sa kung ano ang nangyayari.

Habang tumatagal, parang lalo pang tumatapang ang liwanag ng ilaw. Para na silang sinusunog nang buhay. Ramdam nila ang pagtagos ng init sa kanilang balat.

Makalipas ang ilang sandali, bigla na lang nagkagulo sa buong motel. Lahat ng mga tao ay nagrambulan sa gitna ng pasilyo. May mga nagsigawan din sa taas. Parang mawawasak

ang motel sa tindi ng kaguluhan.

Pinagbabato nila ng mga gamit ang isa't isa. Wala na silang pakialam kung sino ang kanilang masugatan. Lahat ng matatalim na bagay na makuha nila sa paligid ay ipinangsasaksak nila sa isa't isa.

Sa isang iglap, nawala sa sariling katinuan ang mga tao. Hindi nila mapigilan ang sarili na magpatayan sa ilalim ng pulang ilaw. Wala silang gustong itira sa isa't isa. Hangga't may nakikita silang gumagalaw sa paligid, papatayin nila.

Pati si Aldrin ay nakasali na rin sa mga gulo. Kung kanina ay nagtatangka pa siyang tumakas para hindi madamay, ngayon ay tinataga na rin niya ng palakol ang lahat ng makasalubong sa pasilyo. Umakyat pa siya sa taas at nakisali rin sa gulo roon.

Isang lalaki na triple ang laki ng katawan ang nakasalubong niya. Sinubukan din niya itong tabasan sa leeg. Ngunit mabilis nahawakan ng lalaki ang kanyang kamay at inagaw ang palakol. Sa isang iglap, ang ulo niya mismo ang gumulong sa sahig matapos tabasin ng lalaki ang kanyang leeg.

Ito naman ang nagwala at naghari-harian sa pasilyo. Ngunit hindi nagtagal, may isa pang lalaki na lumapit dito at pinukpok ito ng martilyo sa ulo. Hindi ito tinigilan ng lalaki hangga't hindi bumubulwak ang utak nito sa

nadurog na ulo!

Mas tumindi pa ang patayan. Sinaksak nila ang isa't isa! Binugbog nila ang isa't isa! Nilapa nila ang isa't isa! Hanggang sa maging pula na rin ang buong paligid dahil sa kanilang mga dugo!

Natapos lang ang gulo nang mawala ang pulang ilaw at bumalik sa normal na kulay ang liwanag niyon. Lahat sila ngayon, nakahandusay na sa pasilyo! Sa loob ng mga silid! Pati sa mga hagdan! Lahat sila, hindi na humihinga.

Patay na!

Pagsapit ng umaga, pinasok ng mga awtoridad ang *Red Light Avenue* at kinuha ang mga bangkay. Dinala sila sa isang secret facility kung saan mas marami pang patay ang nakatambak.

Pagkatapos isara ang silid na iyon, bigla na lang kumawala ang mga apoy sa paligid. Isa pala iyong malaking crematorium. Iyon ang nagiging huling hantungan ng mga taong nag-check in sa naturang motel.

Kung alam lang nila, ang *Red Light Avenue* ay pag-aari mismo ng lokal na pamahalaan sa lugar na iyon. Ang motel ay sadyang itinayo para maging hideout ng mga kriminal, adik, at magnanakaw. Lahat ng uri ng kalaswaan, kababuyan at kababalaghan ay nagaganap doon.

Ngunit ang hindi alam ng mga kriminal, may patibong na naghihintay sa kanila roon na nakatago sa mga bombilyang nakakabit sa pasilyo at mga silid.

Isa itong ilaw na naglalabas ng mabagsik na radiation. Matindi ang epekto nito sa tao. Lahat ng ma-expose dito, nagiging higit pa sa pagiging bayolente. Nagiging demonyo ang utak. Ito ang nag-uudyok sa kanila para magpatayan.

Sa ganitong paraan, hindi na sila kailangang hatulan ng bitay. Dahil ang kanilang kamatayan ay manggagaling na sa sarili nilang mga kamay.

Lahat ng namamatay sa loob ng *Red Light Avenue* ay kinukuha ng awtoridad para sunugin sa crematorium room bilang huling bahagi ng kanilang parusa. At iyon ang kakaibang uri ng death penalty na ipinatupad sa lugar na iyon!

# Inidoro

Isang malamig na bangkay na si Wilma nang ito'y abutan. Naiwan itong nakaupo sa inidoro, bumubula ang bibig, nakaluwa ang mga mata, at nanuyot ang balat. Kapansin-pansin din ang labis nitong pagpayat na parang naubusan ng laman sa buong katawan.

Marami sa mga tagaroon ang nabahala, kabilang na ang kapitbahay nitong si Rochelle. Kaninang umaga lang ay magka-chat pa sila ng babae at nagpapasama pa ito sa grocery. Hindi niya maiwasang mangilabot lalo na noong masilayan ang bangkay nito. Para siyang babangungutin nang ilang gabi.

Katunayan, si Wilma na ang ika-sampu sa naitalang mga kaso ng nagaganap na kakatwang

patayan sa kanilang lugar. Lahat ng biktima ay natatagpuang patay habang nakaupo sa inidoro, tuyot ang balat, at nakalitaw ang buto sa labis na pagpayat.

Isa ang itinuturong dahilan ng lahat. Kagagawan daw ito ng kakaibang mga ahas na gumagala ngayon sa lugar nila. Nakakapasok ang mga ito sa inidoro at nanunuklaw sa mga taong nakaupo.

Walang nakakaalam kung saan ito nagmula. Pero iisa ang alam ng lahat. Nagtataglay ito ng kakaibang kamandag na kayang magpatuyot sa balat ng tao at tunawin ang lahat ng laman nito sa katawan. Ito ang dahilan kung bakit lahat ng natutuklaw ay nagiging buto't balat na lang din habang naiiwang nakaupo sa kanilang mga banyo.

Pinaghalong itim at berde ang kulay ng ahas. Dalawang dila rin daw ang lumalabas sa bibig nito ayon sa mga nakakita. May malalaki raw itong mata at napakabilis ding kumilos. Oras na gumalaw ito, sa loob lang ng kalahating segundo ay mawawala na ito sa paningin ng tao.

Kung saan-saang mga inidoro sumusulpot ang mga ahas na ito. Minsan, kahit walang tao ay lumalabas ang mga ito sa inidoro at gumagapang sa mga sahig. Minsan naman, naghihintay raw itong may umupo sa inidoro bago umatake.

Marami na tuloy ang napanghihinaan ng loob na gumamit ng kanilang banyo.

Si Rochelle nga, sa arinola na lang umiihi at dumudumi saka itatapon sa inidoro. Sa ganoong paraan ay hindi na niya kailangang umupo roon at ipain ang sarili sa kamatayan.

Minsan ay nagreklamo na ang asawa niyang si Roger. "Ano ba 'yan! Kapag puno na, itapon mo na! Huwag mo nang punuin pa! Umaalingasaw 'yong amoy, eh!"

"Oo na itatapon na!" pasigaw na sagot ni Rochelle pagkatapos umihi sa arinola. Agad niya itong tinakpan at inilabas ng kuwarto.

Pagkabukas sa banyo ay sumilip muna siya sa inidoro. Walang ahas. Nakahinga siya nang maluwag. Agad niyang tinapon ang ihi roon saka binuhusan. Sunod niyang nilinis ang arinola at muling ipinasok sa kuwarto.

"Wala bang magagawa ang barangay natin dito? Kalaking perwisyo nito sa atin, ah!" reklamo uli ng lalaki habang nagpupunas ng ilong.

"Kita mo naman ang nangyari sa vice mayor natin 'di ba? Kahit sila na mayaman na at malinis ang bahay hindi pa rin nakaligtas sa mga ahas na 'to! Sa tingin mo may magagawa pa sila rito?"

"Eh, ano na lang ang gagawin natin? Habang buhay na lang tayong mag-aarinola? 'T*ng-inang 'yan!"

"Aba'y magtiis ka! Ginagawan naman nila ng paraan, eh. Wala namang may gusto ng nangyari, aba!"

"Lumipat na lang kaya tayo sa malayo? Parang hindi na ligtas dito, eh. Ang dami nang namamatay!"

"Hindi lang naman ikaw ang napeperwisyo, ah. Pati rin mga kapitbahay. Magtiis na lang muna kasi tayo. Maaayos din ito!"

Sa isang bahay, masarap ang upo ng binatang si Jayvee sa inidoro habang nanonood ng basketball sa cellphone.

Siya lang ang hindi apektado sa nangyayari sa kanilang lugar. Sa tagal na niyang nag-oobserba, ni minsan ay hindi man siya nakakita ng ahas sa banyo nila. Salaula lang siguro talaga ang iba at hindi marunong maglinis kaya pinupugaran na ng ahas ang banyo.

Buti pa ang banyo nila, laging mabango at malinis dahil sa tatlo nilang maid na laging pinapanatili ang kalinisan ng buong bahay. Malabong pasukin iyon ng anumang salot.

Habang lumalabas sa puwit ni Jayvee ang kanyang dumi, hindi na niya namalayan ang ulo ng ahas na dumungaw sa inidoro! Pagkahulog ng dumi sa tubig, doon ito biglang umatake!

Napalundag ang lalaki at nabitiwan ang

cellphone sa labis na gulat. Nagwala siya at nagsisigaw. Halos tumilapon ang mga gamit sa paligid. Nanatiling nakabaon sa kanyang pang-upo ang mga pangil ng ahas habang nasa loob pa rin ng inidoro ang kalahati ng katawan nito!

Bago pa niya magawang lumabas, bigla siyang nakaramdam ng labis na panghihina. Mabilis siyang napaatras at bumigay ang mga tuhod patungo sa inidoro. Napaupo siyang muli roon. Nangisay ang kanyang katawan kasabay ng pagbula ng bibig!

Huli na nang makarating doon ang isang katulong na nakarinig sa kanyang sigaw. Naabutan siyang wala nang buhay habang nakaupo sa inidoro. Gaya ng mga naunang biktima, nanuyot din ang kanyang balat, lumuwa ang mga mata, at naging buto't balat ang buong katawan!

Labis ang naramdamang awa ni Rochelle habang inilalabas ang bangkay ng lalaki sa bahay. Wala ring patid sa pagtangis ang mga magulang nito sa isang tabi.

"Hihintayin pa ba nating mangyari sa atin 'yan?" biglang singit ni Roger sa kanyang tainga. "Kung ako sa `yo, lumipat na tayo habang maaga pa."

"Saan naman tayo lilipat, aber?" Napalingon siya rito. "Wala pa nga tayong pera!"

“Bakit hindi natin gamitin ‘yung naipon natin?”

“Hoy! Huwag mong gagalawin ‘yon! Nakalaan na ‘yon sa mas importanteng bagay! Mawala na ang lahat, huwag lang ‘yon!”

Nalukot ang mukha ng lalaki. “Ito naman, oh! Ano pa ba ang mas importante sa buhay natin ngayon? Hihintayin mo pa bang isa sa atin ang mawala bago mo gamitin ‘yon? Kapag may nangyari na sa atin, mapupunta na lang din ‘yon sa lamay natin! Wala nang pamilyang mabubuo! Wala nang silbi ang pera!”

“Puwede ba? Huwag mo nga akong umpisahan!” Pero ang totoo, napapaisip na rin si Rochelle. Nag-aalala na rin siya sa kalagayan nilang dalawa. Hindi nila alam kung kaninong inidoro naman dadalaw ang mga ahas na ito.

Marami na rin sa mga kapitbahay nila ang nagsilipatan pansamantala. Siya na lang itong matibay pa rin ang sikmura.

Isang araw, si Roger ang nautusang maglinis ng arinola. Kasalukuyan pa siyang nasa rank game kaya talagang napakamot siya ng ulo sa inis. Napilitan siyang mag-recall para gawin ang utos ng babae.

Padabog niyang tinungo ang banyo. Pagsilip niya sa inidoro, nakita niyang nakadungaw ang ulo ng isang ahas! Nabitiwan niya sa gulat

ang arinola at bumuhos ang laman nito sa mga paa niya.

Tila nalanghap ng ahas ang amoy ng natapong arinola at sobra itong na-attract doon. Bigla itong umatake sa kanya. Buti na lang ay nahawakan niya ang ulo nito kaya hindi siya tuluyang natuklaw.

Nagsisigaw siya at tinawag ang asawa. “Rochelleeeee! Hooooon! Tuloooong!”

Kausap na ni Rochelle ang manager ng apartment building na balak niyang lipatan. Malayo ito sa kanila kaya nakasisigurado na siya sa kaligtasan nila rito.

“Sige po! Pupuntahan na lang namin bukas ang kuwarto para ma-check. Salamat po, Ma’am!” pagwawakas niya sa usapan. Sa pagbaba niya sa tawag, bigla naman niyang narinig ang sigaw ng asawa sa loob ng bahay.

“Rochelleeeee! Hooooon! Tuloooong!”

Taranta siyang nagbalik sa loob. Ganoon na lamang ang pagkagimbal niya nang makita ang lalaki na hawak ang isang napakalaking ahas. Nagwawala. Agresibo. Itim at berde ang kulay nito, gaya ng mga naririnig niya sa labas.

“Tulungan mo `ko, Rochelle! Kumuha ka ng itak!”

Kinuha ni Rochelle ang pinakamatalim nilang itak sa kusina at ibinigay kay Roger.

"Mag-ingat ka, Hon!" maluha-luhang sabi niya.

Mahigpit na hinawakan ng lalaki ang ulo ng ahas saka tinabas sa itak ang katawan. Nahati sa dalawa ang ahas. Gumagalaw-galaw pa ang naputol nitong katawan sa sahig.

Pareho silang nabunutan ng tinik sa dibdib.

Ngunit hindi nagtagal, ang putol na katawan ay biglang tinubuan ng ulo! At ang ahas na hawak ni Roger ay tinubuan agad ng panibagong katawan! Naging dalawa ang ahas sa isang iglap!

Doon nagsisigaw si Rochelle at napaakyat sa isang upuan sa kusina. Si Roger ay muli pang tinabas ng itak ang katawan ng dalawang ahas. Ngunit laking pagsisisi nito dahil tuwing mapuputol ang katawan ng mga ahas, muli silang tutubuan ng panibagong ulo at lalo pang dumadami!

Sa pagkakataong iyon, sabay-sabay na umatake ang mga ito sa lalaki! Wala nang nagawa si Roger. Nangisay na lang ito sa sahig habang sinisira ng kamandag ang lahat ng laman nito sa katawan!

"Hindeee!" Gumuho ang mundo ni Rochelle.

Halos madurog ang kanyang puso habang pinagmamasdan ang lalaki na pinagpipiyestahan ng mga ahas! Hindi na mabilang kung ilang mga tuklaw ang tinamo nito.

Kitang-kita rin niya kung paano lumiit at

pumayat ang katawan nito sa napakabilis na paraan. Para itong lobo na unti-unting nawalan ng hangin. Sa isang iglap ay naging buto't balat agad ito at lumawit ang mga mata sa dalawang sisidlan!

Bago pa siya maamoy ng mga ahas ay kumaripas na siya ng takbo palabas. Pati ang mga tao ay nagulat sa lakas ng kanyang palahaw. Kung nakinig lang sana siya sa lalaki noong una pa lang, hindi sana ito mangyayari sa kanila.

Nasa huli nga naman ang pagsisisi.

Mas tumindi pa ang pinsalang idinulot ng mga ahas sa sumunod na mga araw. Nagagawa na rin nilang lumabas ng inidoro at magtago sa mga sulok ng kabahayan. Kung dati, sa banyo lang natatakot ang mga tao, ngayon ay buong bahay na nila ang kanilang kinatatakutan.

Marami na sa mga eksperto ang nagsubok na suriin ang naturang mga ahas. Ngunit kahit anong gawin nila, wala silang maibigay na paliwanag sa kung ano ba talaga ang pinagmulan ng mga ito. Nanatili silang misteryo sa kaisipan ng marami.

Habang nagkakagulo na sa mga karatig na lugar dahil sa atake ng mga ahas, humahalakhak naman sa kinauupuan si Euphorio Madison. Hindi niya maiwasang matawa sa napakatinding pinsala na idinulot ng mga ahas na kanyang pinagawa.

"Oh God! Who's gonna save them now? Siyempre sino pa? Eh, di ako!" natatawa niyang sabi sa sarili.

Siya ang nag-utos sa kanyang team na ipakalat ang mga ahas na ito. Sila rin ang gumawa sa mga ito sa laboratoryo. Tinawag nila itong Ammadura Snake.

Binigyan sila ng kakaibang kamandag na kayang lumusaw ng lamang-loob sa katawan at maging instant death ng tao.

Sadyang idinisenyo ang kanilang personalidad para magtago sa masisikip, mababaho, at maruruming lugar gaya ng inidoro.

Sila'y mga genderless o walang kasarian. Nakapagpaparami lang sila ng lahi sa pamamagitan ng pagputol sa sarili nilang katawan. Bawat katawang mapuputol sa kanila ay tutubuan lang ng panibago at magiging bagong ahas na muli.

Nais lumikha ni Euphorio ng malawakang pinsala para magkaroon ng pagkakataong magpasikat sa mga tao. Sa kanila nanggaling ang Ammadura Snake. Sila lang din ang nakakaalam kung paano ito pupuksain.

At iyon ang gagamitin niyang gimmick para makuha ang boto ng marami sa nalalapit na eleksyon!

Mag-ingat! Baka may naligaw nang Ammadura sa inyong mga inidoro!

# German Blob Experiment

Nakadiskubre ng bagong website si Fred na tadtad ng mga snuff films—mga madudugo at mararahas na pelikula kung saan totoong patayan ang nagaganap. Kamakailan lang niya nakahiligan ang ganitong mga palabas.

Madalas kasi, walang alam ang mga bida na talagang papatayin sila. Iyon ang mas nakapagpapapagising sa kaluluwa niya. Dahil alam niyang totoo ang mga magaganap, mas nagkakaroon siya ng pake sa mga eksena.

Hindi maipaliwanag na satisfaction ang kanyang nararamdaman tuwing mapapanood ang mga karakter na walang kaide-ideya sa nalalapit na kamatayang sasapitin nila habang

ginagampanan ang kani-kanilang mga papel sa palabas.

Sawang-sawa na kasi siya sa mga ordinaryong splatter movies na bukod sa scripted ay halatang peke rin ang mga props na ginagamit sa mga gore elements. Wala na ring horror movie sa panahon ngayon ang kayang magbigay ng takot sa kanya.

Kaya nga mula nang madiskubre niya ang mga snuff films na nagsisilabasan sa internet, doon lang niya natagpuan ang mga palabas na pasok talaga sa panlasa niya. Doon lang din niya nakita ang malaking pagkakaiba kung paano mapunit ang lamang-loob ng tao sa totoong buhay kaysa sa mga scripted na pelikulang idinadaan lamang sa special effects.

Iba pa rin ang takot at kabang ibinibigay ng mga snuff films.

Mas nakapagpapakulo ng dugo.

Mas nakapagpapataas ng enerhiya.

At mas nakakabaliw sa ganda.

Marami na siyang napanood na iba't ibang uri ng snuff films.

Ang iba ay parang katulad din ng pangkaraniwang pelikula na may sariling storyline at script na sinusundan, ngunit ang kaibahan ay nakatakdang malagay sa totoong panganib ang bida at tunay na kamatayan din ang sasapitin nito.

Ang iba naman ay pinagsama-samang mga

torture videos ng iba't ibang tao mula sa iba't ibang bansa na nilagyan lang ng kaunting drama o documentary para mapagtagpi-tagpi sa pinakapulidong paraan at hindi magmukhang compilation videos.

May iba ring tungkol sa MMA at Wrestling matches kung saan totoong patayan ang nagaganap sa loob ng ring, at kinakailangang mabalian ng buto o madurog ang mukha ng kalaban para maging opisyal na panalo.

Mayroon ding special torture na ginagawa sa mga bata, matatanda, PWDs, at mga sundalong ginagahasa ng mga kaparian at gobyerno.

Sa dinami-dami ng mga snuff films na nasaksihan ng dalawang mata niya, naging immune na siya sa takot pati ang kanyang sikmura. Wala nang epekto ang lahat ng mga ito sa kanya. Ni katiting na awa ay wala rin siyang nararamdaman para sa mga biktima.

Ang madugong kamatayan ng iba ay nagsisilbi nang self-pleasure para sa kanya. Ito na ang nakapagpapatigas sa kanyang pagkalalaki, lalo na kapag babae ang tino-torture sa pelikula. Their death is his fantasy.

Walang nakakaalam sa addiction niyang ito. Disente kasi siyang tao sa labas. May mataas siyang posisyon sa isang bangko na pinapasukan at lahat din ng circle of friends niya ay pawang mga propesyunal.

Sa kutis at pananamit pa lang niya, walang mag-aakala na ganito kadilim ang utak niya kapag nag-iisa na sa bahay. But he doesn’t care. Lahat naman ng tao kahit gaano pa kalinis iharap ang sarili ay may itinatago pa ring baho at dumi sa pagkatao.

Isang nakahubad na babae ang kasalukuyang mapapanood sa screen ng laptop niya. Gigil na gigil pa siya habang nakatutok doon. Halos maglaway siya kung paano pahirapan ng mga kulto ang babaeng nagliliyab sa alindog ang katawan.

Pagkatapos nila itong dungisan at pagparausan, isang nakasinding bamboo torch ang buong puwersang ibinaon sa pagkababae nito! Halos mabasag ang speaker sa lakas ng pinakawalan nitong sigaw. Pati si Fred ay nabingi at napilitang hinaan ang volume.

Sa sumunod na eksena, makikitang hinihiwa ang katawan ng babae sa magkakaibang bahagi at tinataniman ng maliliit na bomba sa loob! Iginapos din nila ito sa krus habang nagtatawanan ang mga miyembro ng kulto.

Mayamaya pa, nagsimula nang pumindot ang isang lalaki sa hawak nitong remote. Sunod-sunod na pagsabog ang naganap sa iba’t ibang bahagi ng katawan ng babae. Nagtalsikan ang mga dugo at laman sa magkakaibang direksyon.

Isa-isang nagsiputukan ang mga parte ng katawan nito hanggang sa ulo na lang ang matira. Agad itong bumagsak sa sahig at di kalaunan ay sumabog na rin. Tuwang-tuwa naman ang mga miyembro ng kulto sa kanilang ginawa.

Sa bahagi ring iyon ay hindi napigilan ni Fred ang pagsabog ng kanyang katas. Kanina pa niya ito pinipigilan at hinintay lang na sumabog ang ulo ng babae bago niya ito tuluyang pinakawalan. Sarap na sarap din siya sa ginawa. Halos manghina siya sa dami ng katas na inilabas.

Kinabukasan pagkauwi sa trabaho, snuff film agad ang inatupag niya. Ganado siyang nagluto ng hapunan at sa harap na ng laptop kumain. Nagtungo uli siya sa website at naghanap ng bagong panonoorin.

Nakarating siya hanggang sa pinakadulo ngunit wala siyang napili sa mga nakita sa recommended section. Kaya naghanap pa muli siya sa ibang category. Hanggang sa mahagip ng kanyang paningin ang isang pelikula na pinamagatang *The Blob*.

Makikita sa poster nito ang tila binalatang mukha ng tao na nakalutang sa itim na tubig. Ang titulo naman nito ay nakasulat sa ibang lengguwahe na nasa ilalim ng mukha. Nakuha agad nito ang atensyon niya. Agad niyang pinindot ang poster para makita ang iba pang

detalye nito.

Ngunit nadismaya siya dahil bukod sa pamagat, wala nang ibang impormasyong nakalakip sa info section nito. Hindi tuloy niya malaman kung sino ang mga cast dito, kung kailan ito ipinalalabas, at iba pang impormasyon na kadalasang mayroon naman sa ibang snuff films na napanood niya.

Pero nang makarating si Fred sa pinakailalim, isang description ang umagaw sa pansin niya. May kahabaan ito pero hindi naman niya maintindihan dahil nakasulat sa ibang wika. Kaya sinubukan niyang gamitan ng Google Translate, at ito ang nabasa niya:

*This is the lost footage of the German Blob Experiment that was carried out in an old hospital facility. German Blob Experiment. Arcon Test Facility, 28th of July. Silicon-Based Lifeforms.*

Naintriga siya sa mga nabasa kaya napilitan siyang manaliksik tungkol dito. Napag-alaman niya na may isinagawa ngang eksperimento sa Germany noong 1967 kung saan nagsubok silang gumawa ng tao gamit ang silicon element na hinaluan ng human DNA.

Subalit hindi raw naging maganda ang resulta nito. Kung anuman ang mga sumunod na nangyari ay hindi na nalaman ni Fred dahil kulang ang mga impormasyong nakalagay.

Kahit saang website siya maghanap ay wala na siyang makita na may karagdagang detalye. Paulit-ulit lang ang lahat.

Lalo tuloy siyang naintriga sa naturang pelikula na kanyang nakita. Kung tunay ngang snuff film ito, malamang ay totoong mga footage din ang ginamit dito. Dahil doon, kinutuban siya na baka ito mismo ang aktuwal na footage ng naturang eksperimento na pilit itinago sa kamalayan ng mga tao.

Agad niyang binalikan ang tab kung nasaan ito at hindi nag-atubiling i-play ang video. Nagdaan ang mahigit isang minuto pero wala pa ring nangyayari sa screen. Nagtaka na siya. Walang ibang lumalabas dito kundi itim na background. May naririnig siyang hangin at static noises pero blangko lang ang screen.

Sinubukan niyang maghintay pa at pinagtiyagaan na ring pakinggan ang mga static noises sa background. Pero nangalay na lang ang mga mata niya ay wala pa ring nangyari. Napilitan na siyang mag-fast forward. Wala pa ring lumalabas. Hanggang sa kahuli-hulihang bahagi ng video, wala siyang napanood na kahit ano.

Larawan si Fred ng pagkadismaya. Mukhang nabudol siya rito. Hindi naman yata ito pelikula. Baka clickbait lang din ito gaya ng karamihan sa mga videos sa internet. Sayang. Umaapaw pa naman ang kuryosidad niyang

makita ang aktuwal na footage ng eksperimento ngunit pagkabigo lang ang kanyang napala.

Nagtatagal ng mahigit isang oras ang naturang snuff film pero wala itong ibang laman kundi blank screen at static noises. Sabi pa naman sa description ay lost footage, pero mukhang literal ngang nawawala ang pelikula.

Inantok lang siya kaya tinanggal na niya iyon sa kanyang tab at naghanap na lang ng panibagong mapapanood.

Pasadong alas-tres iyon nang maalimpungatan si Fred. Natagpuan na lang niya ang sarili na nakayuko sa isang lamesa. Mga papeles na ang kanyang kaharap at wala na ang laptop niya roon.

May isa ring lumang modelo ng video camera sa kanyang tabi.

Biglang nagbukas ang pinto na labis niyang ikinagulat. Isang lalaking naka-uniporme ang lumapit sa kanya. Nagsalita ito sa wikang German at sa hindi malamang dahilan, nauunawaan niya ito.

Niyaya siya nitong lumabas at dalhin ang video camera. Nagtungo sila sa laboratoryo kung saan makikita ang napakalaking aparato.

Ayon sa mga kasama niya, ito na raw ang itinakdang araw para buksan iyon, upang makita kung naging matagumpay ba ang

eksperimento na matagal din nilang isinagawa.

Dekada ang hinintay nila rito kaya ganoon na lang ang pagkasabik ng lahat. Habang lumilinga siya sa paligid, napansin niyang nasa black and white ang kanyang paningin. Pero hindi siya apektado roon. Bagkus ay isa rin siya sa mga tumatawa sa labis na pagkasabik.

Nagsimula nang buksan ng matandang nakauniporme ang aparato. Inutusan naman siya na kuhanan ng video ang pangyayari. Itinutok na niya rito ang video camera at hinanapan ng magandang anggulo.

Sabik na sabik ang lahat habang tumatawa pa. Pagkabukas ng malaking aparato, bumungad sa kanila ang isa pang silid na nakatago roon. Isa pala iyong secret room kung saan nakakubli ang mabigat nilang eksperimento na halos isang dekada nang ginagawa.

Inilibot ni Fred ang camera sa buong paligid. Pati ang paglakad ng mga kasamahan niya ay kinunan din niya. Ginawa niyang mala-pelikula ang bawat anggulo ng pag-record niya.

Nakahilera sa paligid ang mga eskaparateng salamin na may matinding heat resistance. Sa loob ng mga iyon, makikita ang likidong gumagalaw-galaw at may mukha ng tao! Ito ang mga nilalang na itinatago nila roon sa loob ng isang dekada.

Nananatiling buhay ang mga ito dahil sa napakainit na temperatura sa loob. At ang init ay tumatagos pa hanggang sa buong silid. Kaya lahat sila roon ay nakasuot ng protective gear na panlaban sa matinding temperatura.

Ang eksperimentong iyon ay tungkol sa paggawa ng buhay sa pamamagitan ng silicon element. Lahat kasi ng nabubuhay na nilalang dito sa mundo, kabilang na ang mga tao ay carbon-based. Gawa ang lahat sa carbon element.

Kaya naman labis na napapaisip ang mga siyentipiko kung maaari bang makalikha ng tao gamit ang ibang element. Dito nila naisipang isagawa ang eksperimentong ito.

Sa pagkakataong ito, ang silicon element ang napagkasunduan nilang gamitin sa experiment. Gamit ang mga dugo at DNA ng tao na kanilang nalikom, pati na ang mga teknolohiyang nabili nila sa gobyerno na hindi pa inilalabas sa publiko, naglakas-loob silang sumubok kung makakabuo ba sila ng kahit anong may buhay gamit ang ibang element na hindi carbon-based.

Lahat ng paraan ay ginawa nila.

Inabot pa nga sila ng dekada bago nagkaroon ng resulta.

Ngayon ay nasa harapan na nila ang bunga ng lahat.

Nagtagumpay nga silang makabuo ng tao

gamit ang silicon. Dito nila napatunayang posible ngang mangyari ang silicon-based lifeforms. Kaya lalo silang nabuhayan ng pag-asa na maaaring may iba pa ngang mga nilalang sa malayong panig ng kalawakan ngunit gawa lamang sa ibang element.

Ito na ang makapagpapatunay na maaaring totoo nga ang mga alien at nandito lang sila sa kung saang bahagi ng kalawakan. Naghihintay lang na may makadiskubre sa kanila, o baka sila pa ang lihim na nag-oobserba sa tao.

Napakaespesyal ng proyektong ito sa kanila. Siguradong lilikha ito ng ingay sa kasaysayan oras na maipaalam ito sa publiko. Kaya nga mas pinaghusayan pa niya ang pagkuha ng video sa paligid para maipakita kung paano gumalaw ang mga silicon-based lifeforms na kanilang nagawa.

Binuksan ng matandang siyentipiko ang isang eskaparateng salamin upang mahawakan at maobserbahan nang direkta ang kakaibang nilalang. Ngunit pagkabukas na pagkabukas pa lang dito, bigla na lang nagbuga ng sulfuric acid ang nilalang.

Mabilis nasunog ang mukha ng matanda. Agad silang nagkagulo sa loob. Hindi rin nagtagal, gumalaw ang mga mata ng iba pang nilalang at isa-isang nilingon ang nangingisay na matanda sa sahig.

Ganoon na lamang ang pagkasindak nila

dahil hindi na lang mukha nito ang nasusunog, kundi pati na rin ang buong katawan nito! Naubos agad ng likidong iyon ang kalahati nitong katawan sa loob lang ng isang minuto!

Kinuhanan din ni Fred ang pangyayaring iyon kahit takot na takot na siya. Nagsitakbuhan na rin ang iba pang mga kasama niya. Hindi naiwasang magkatulakan ng iba na naging dahilan para mabasag ang iba pang mga salamin.

Isa-isang nagbuga ng sulfuric acid ang mga nakawalang nilalang. Nagtalsikan iyon sa paligid na lalong nagpalakas sa sigaw nilang lahat. Kahit nasa alanganin na ang buhay, ginawa pa rin niya ang kanyang trabaho roon. Nais niyang masaksihan ng lahat ang kakaibang pangyayari na ito.

Akala nila, hanggang doon lang ang kayang gawin ng mga nilalang. Labis ang kanyang pagkagimbal nang makita kung paano gumapang ang mga ito sa sahig. Nagtataglay rin ng pambihirang bilis ang mga nilalang. Nagawa nilang habulin at kapitan sa paa ang ilan sa kasamahan niya.

Sunod-sunod na ang pagkatumba ng iba. Unang nasunog ang kanilang mga paa na nabugahan ng likido. Pagkatapos ay unti-unti iyong umakyat hanggang sa masunog na rin ang buo nilang katawan.

Lalo pang lumikot ang mata ng mga

nakakulong na nilalang. Tuwing makakakita sila ng tao na nalulusaw dahil sa kanilang mga kauri, lalo silang nababaliw sa loob ng kanilang kulungan.

Muli siyang napasigaw nang isa-isang mabasag ang mga eskaparateng salamin. Hindi na napigilan ang paglundag at paggapang ng mga buhay na likido! Nagkalat na sila sa buong paligid.

Dahil dito, hindi na nagawang makaligtas ng mga kasamahan ni Fred. Bago pa sila makarating sa exit, nakapitan na rin sila ng mga nilalang at nabugahan. Siya na lang ang natitirang buhay roon.

Kahit nasa bingit na ng kamatayan, hindi pa rin siya tumigil sa pagvi-video. Umaasa siya na iingay ang kanyang pangalan at lilikha ng marka sa kasaysayan kapag nailabas niya ang malagim na resulta ng eksperimento nilang ito.

Matagal na niyang nais makilala. Nasasapawan lang siya ng mga kasama na mas mahuhusay at mas matatalino sa kanya. Kaya naman kahit takot na takot ay pilit niyang nilalabanan matupad lang ang pangarap na makilala sa mundo sa pamamagitan ng kontrobersya.

At ito na nga ang pagkakataong ginamit ni Fred. Naging triple ang kanyang pag-iingat habang kinukuhanan ng video ang mga likidong may mukha ng tao na nagsisigapangan palapit

sa kanya.

Nang sa tingin niya'y makakuha na ng sapat na haba ng video, doon pa lang niya inihinto ang pag-record at tumakbo na rin para sa buhay niya. Ngunit pansamantala siyang nag-alala nang makitang sarado ang pinto ng mini-laboratory.

Buti na lang ay natatandaan pa ni Fred ang password na nilagay rito. Sa pagbukas ng pinto, saktong nahuli ng isang nilalang ang paa niya. Hindi na niya napigilan ang pagkapit nito. At hindi nga nagtagal, nagbuga na ito ng napakaraming sulfuric acid na mabilis na lumusaw sa kanyang paa!

Bumagsak siya at nangisay na parang isda. Hindi na niya napigilan ang paglabas ng mga nilalang. Sabay-sabay pang gumapang ang mga ito sa kanya. Dinaanan lang siya na parang basahan at isa-isang nagkalat ang mga ito sa buong paligid ng laboratoryo.

Sindak na sindak si Fred habang pinagmamasdan ang unti-unting pagkalusaw ng katawan. Sa ganoon kaikling oras, kalahati na ng katawan niya ang nasunog! At patuloy pa itong umaakyat sa bandang itaas niya.

Sa puntong iyon, batid niyang wala na siyang pag-asang makaligtas kaya binitawan na niya ang video camera. Doon na rin tuluyang nalusaw ang natitirang bahagi ng kanyang katawan. Tuluyang nabura sa mundo

ang kanyang bakas.

Wala na ring nakakita kung paano nalagyan ng dugo ang kanyang video camera matapos iyong kumalat sa sahig, na di kalaunan ay nilusaw rin ng matapang na likido!

Patuloy na nagwala at nagkalat ang mga nilalang sa paligid. Ngunit bago pa sila tuluyang makalabas, na-activate na ang self-destruct na isa sa mga hidden feature ng laboratoryo. Sa pagsabog ng buong gusali, kasamang nasunog ang mga likidong halimaw.

Wala nang nakakita pa sa kanila. Hindi na nagkaroon ng pagkakataon ang publiko na masilayan ang mga nilalang na ito.

Ngunit sa lahat ng mga nasunog na gamit sa loob, ang video camera lang ang hindi nasunog at nanatili pa ring buo!

DOON nagtapos ang lahat. Ngunit bago pa magising si Fred sa realidad, unti-unti na ring nalulusaw ang kanyang katawan! Hindi na siya nagkaroon ng pagkakataong makita ang sitwasyon niya. Dahil bago pa siya tuluyang magising sa masamang panaginip ay natuluyan na nga siyang malagutan ng hininga.

Wala nang makakakita kung saan siya napunta matapos masunog ang buong katawan. Halos wala itong iniwang bakas na may masamang nangyari sa kanya. Maging

ang mga dugo, lamang-loob, at buto niya ay nasunog din!

Kung may makakapansin man sa biglang pagkawala ni Fred, iisipin ng mga ito na naglayas lang siya o dinukot ng kung sinong masama. Pero wala nang makakaisip sa tunay na nangyari sa kanya. Kung paano nalusaw ang kanyang katawan matapos mapanood sa panaginip ang pelikulang hindi niya alam ay isinumpa.

Huli na para malaman ni Fred na ang lost film na napanood niya ay literal na nawawala. Dahil nagpapakita lamang iyon sa panaginip mismo ng tao.

Ang *The Blob* ay isang pelikula o snuff film na tanging sa panaginip lang makikita. Blangko ang screen na bubungad sa sinumang magtangka na panoorin ito sa pisikal na mundo. Magpapakita lamang ito oras na makatulog na ang biktima.

Ngunit sa dami ng mga taong nakapanood nito, wala sa kanila ang nakapagsabi kung ano nga ba ang makikita sa pelikulang iyon dahil hindi na sila nagising pa. Gaya ng nangyari kay Fred, lahat sila ay nalusaw rin ang katawan habang natutulog.

Walang nakakaalam kung paano nagkaroon ng sumpa ang naturang pelikula. At lalong walang nakakaalam kung paano ito nakarating sa online. Pero iisa lang ang alam ng

lahat. Marami pang misteryo at kababalaghang nagtatago sa mundo ng internet.

Samu't saring kababalaghan na iba-iba rin ang lagim at pinsalang dala-dala!

Ang iba sa kanila, isa-isa nang nahuhukay at natatagpuan ng mga tao. Ang iba naman, naghihintay pa lang na madiskubre bago ipakita kung anong lagim ang kaya nilang gawin!